



August 2017  
Vol. 1 Issue 1

# KABAYAN

## Polyetong Pinoy

### Toyohashi Filipino Association itinatag noong 2015

**Nilalaman:**

<i>Japanese Speech Contest</i>	2
<i>Photo Contest</i>	2
<i>Inside Story</i>	2
<i>Tsuyaku sa city hall...</i>	2
<i>One weekend festival experience</i>	3
<i>Inspirational Story Stand Tall like ...</i>	3
<i>Basic Japanese Lesson Community Board</i>	4

Lingid sa kaalaman ng ilan nating mga kababayan na may isang grupo ng mga Pilipinong naninirahan dito sa lungsod ang natatag upang matulungan ang mga kasamahang Pilipino na nasa Toyohashi. Ito ay ang Toyohashi Filipino Association o TFA na naitatag noong Agosto 2015 sa pangunguna nina Norlyn Ito at Murata Nina. Nabuo ito mula sa iisang layunin na magkaroon ng isang matatag na samahan na siyang makatutulong upang magabayan ang mga Pilipinong naninirahan sa lungsod, at mai-pakita ang mga tradisyon at kulturang Pinoy sa mga ibang lahi particular sa mga “Japanese”.

Ang TFA sa pamumuno ng mga dedikadong opisyaes sa pangunguna ni Nora Tozawa na kasalukuyang pangulo, ay may iba’t ibang programang nailatag para sa mga susunod na buwan upang mapagbuklod, mapalakas at mapalawak ang kakayanan ng mga kasapi nito.

Sa mga susunod na lathala ng polyetong pinoy na ito ay inyong matutunghayan ang iba’t ibang mga programang naisagawa na ng samahan.

Nawa ay magpatuloy ang magandang hangarin ng samahan at makahikayat ng mas maraming miyembro upang manatiling matatag ito. – dma-



Ang TFA at mga kasapi nito pagkatapos ng kanilang pagtatanghal.



Ang TFA sa kanilang buwanang pagpupulong.

Points to ponder

*“Never force yourself to have a space in anyone’s life because if they really know your worth, they’ll surely create one for you”*

### **Opisyal na Website at FB account ng Toyohashi City para sa mga naninirahan dito ay maaari ng ma-access**

Inilunsad kamakailan ng Toyohashi City Hall mula sa Multicultural Society and International Affairs Division ang mga paraan upang mas higit na magkaroon ng access ang mga Pilipino at ibang lahi na naninirahan dito sa siyudad sa mga serbiyo ng pamahalaan at anunsiyo mula sa

City hall sa pamamagitan ng mga links sa kanilang Official Website at Facebook Account. Ito ay isang pamamaraan ng Division na mas higit na mapalapit ang bawat isang banyagang residente sa mga impormasyon at tulong na maaring maibigay ng Pamahalaang panlungsod ng Toyohashi.

Narito ang link para sa inyong kaalaman.:

[www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm](http://www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm)

<https://facebook.com/1484tabunka/>

## *Japanese Speech Contest, Inilunsad ng Toyohashi International Association*

Inilunsad kamakailan ng Toyohashi International Association ang isang patimpalak na tinatawag na “Japanese Speech Contest”. Ito ay para sa mga estudyante ng elementarya o mas matanda pa na hindi “Japanese” ang tubong salita (native language). Para sa mga detalye, narito ang ilan sa mga ito:

Dibisyon at Habang ng Lahok :

***Elementary/Middle School*** hanggang tatlong (3) minuto lamang.

### ***High School/General Division***

hanggang limang (5) minute lamang.

Pipili ng tatlong (3) kalahok na mananalangin sa bawat dibisyon at sila ay magkakamit ng mga premyo tulad ng sertipiko at “book gift card” at iba pang mga regalo.

Kung nais lumahok, ipadala ang inyong ginawang piyesa na nakasulat sa hapon o “romaji” kasama ang application form na makukuha sa opisina ng Toyohashi International

Association o sa kanilang website. Ang lahat ng piyesa ay kinakailangan maisumite bago mag ika-25 ng Oktubre, maaaring dalahin ng sadya sa opisina o ipadala sa pamamagitan ng koreo (post).

Maaari ring tumawag sa opisina ng Toyohashi International Association sa numerong 55-3671 para sa iba pang impormasyon..

## ***International Exchange Photo Contest bukas para sa lahat ng mga banyagang naninirahan***

Ang Toyohashi International Association ay magkakaroon ng isang photo contest na bukas para sa mga “amateur photographers”. Ang tema ng patimpalak ay ***“One Picture to Connect the World”***.

Ang mga nagnanais lumahok ay maaaring magpadala ng tatlong (3) litrato bilang entry. Ang mga ipadalang lahod ay yung mga hindi pa

nailathala sa anumang pahayagan o katulad nito. Dalahin ang mga entries kalakip ang form na makukuha sa opisina ng TIA. Ang deadline ng pagpapadala ng lahod ay sa Oktubre 25, 2017.

Ang lahat na mapipiling larawan ay magkakamit ng mga papremyo at ang mga ito ay ilalagay sa display sa Toyohashi International Festival 2017 sa


Nov. 19 sa Kodomo Miraikan (COCONICO).

Para sa mga iba pang impormasyon, maaaring magsadya sa opisina ng Toyohashi International Association sa 440-0888 Toyohashi-shi Ekimae Odori 2-33-1 Kaihatsu Bldg. 3F.

Kaya Sali na. Ipakita ang galing at halaga ng inyong mga larawan.

## ***Tsuyaku para sa Pinoy...***

### ***serbisyo mula sa Pamahalaang Panlungsod***



Ang pamahalaang panglungsod ng Toyohashi sa pamamagitan ng Multicultural Society and International Affairs Division ay nagtalaga ng tsuyaku o interpreter upang mas higit na mapadali at maisa-ayos ang mga nais na i-transact sa City Hall.

Bukas ang tanggapan mula Lunes hanggang Biyernes mula

9:00 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon.

Makikita sa larawan sa kaliwa ang pagtulong at pag-gabay ng tsuyaku (Julie) sa isang kababayan patungkol sa buwis na kanyang babayaran, kasama ang isang trainee (Dindo) mula sa programang LGOTP ng CLAIR.

## One Weekend Festival Experience in Toyohashi

By Dindo M. Abueg

Napakasayang makita at maranasan ang ibat ibang “Festival” dito sa Toyohashi. Ilan sa aking mga naranasan ay ang tanyag at kakaibang Tezutsu Hanabi na siyang tanging tradisyong ipinagmamalaki ng siyudad. Ito ay taon-taong ginaganap tuwing ika-3 biyernes ng Hulyo sa may Yoshida Jinja Shrine. Kamangha-mangha ang mga “handheld fireworks” na kanilang sinindihan. Mas higit na kahanga-hanga ang mga naghahawak ng mga “tezutsu” sapagkat ito ay malapit sa kanilang katawan at ang init na ibinubuga nito ay posibleng makasunog sa kanilang mukha at katawan ngunit buong tapang nilang hawak at buong

kisig na ipinakikita ang kinau-galiang tradisyon ng mga taga-Toyohashi.

Nakita ko din ang napaka-ranyang “Hanabi” o fireworks na ginanap noong Hulyo 22. Salamat sa Toyohashi International Association, sa pamamagitan nila ay nakaranas kami tulad ng iba pang mga dayuhang sumaksi dito.

At noong Hulyo 23, ay nakita ko ang isang parada na nilahukan ng ibat ibang grupo na nagpapakita ng isang tradisyon. May mga sulong-sulong na mga maliliit na temple at ang mga ito ay nakabihis ng tradisyunal na kasuotan.

Isang napakagandang kara-

nasan na makita ang ilan sa mga tradisyunal na mga kaganapan na ito na siyang makapagpapaunawa na ang bawat bansa at lugar ay may sariling tradisyon, kultura at kaganapan na siyang maipagmamalaki sa mga turista at mga banyagang naninirahan dito. —dma-



## Stand Tall Like The Sunflower

by Tony Masiello

I find it humorous sometimes that even the most mundane occurrences can have an impact on our awareness.

My wife, daughter, and I moved into our home nine years ago and we spent a lot of time and energy in the yard to get it looking like it does today. We live on a corner, higher than street level, and the entire side of the yard is encased by a professionally built rock wall. The front of the house though

is another story because instead of a wall along the sidewalk the rocks appear to be just thrown up onto the dirt as if someone were in a hurry to finish.

We did the best we could with what we had to work with and called this area our 'rock garden'. Whenever we had left over flowers or plants, Denise or I would stick them out front, just to bring some color to the area. I still do all of my own yard work, even the

dreaded weed-pulling. After putting on my knee pads I assume the position to clear the yard of weeds, even in the rock garden.

Last summer I had reached the end of the rock garden and found a tiny little plant that I could not immediately identify. I knew I didn't plant it and Denise claimed that she didn't either. We decided to let it continue growing until we could figure out what it was.

***“The Sunflower had not started where I saw the stalk begin. It actually had begun under a big rock and grown under and around it to reach the sun.”***



## Basic Japanese Lesson

Multicultural Society and  
International Affairs Division

11th floor East Building, Toyohashi City Hall  
Phone: 0532-51-2023

[www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm](http://www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm)

<https://facebook.com/1484tabunka/>

*Reach out, build connections  
and  
live a happy life in*



Ang logo na inyong nakikita sa kaliwa ay sumisimbulo sa mga Pilipinong naninirahan sa Lungsod ng Toyohashi. Makikita sa larawan ang simbulo ng siyudad na si Toyocky, ang Logo ng Lungsod at ang bandila ng Japan. Sa ibabaw at gitna ng globo ay makikita ang isang tao na nagwawagayway ng bandera ng Pilipinas na siyang nagpapahiwatig ng kagalakan at pagpupunyagi sa ibang bansa lalo na dito sa bansang Hapon. Ang mga taong hawak kamay sa likod nito ay sumisimbulo sa pagkakaisa ng mga Pilipinong naninirahan dito. Ang mga kulay na nilala sa palibot ng mga imahe ang sumisimbulo sa katatagan ng mga Pilipino kahit sa anumang dako ng mundo.

<i>Daijobu desuka.</i>	-	<i>Are you alright?</i>
<i>Dou itashimashite.</i>	-	<i>You're welcome.</i>
<i>Chotto matte kudasai</i>	-	<i>Please wait a moment.</i>
<i>Douzo yoroshiku.</i>	-	<i>Nice to meet you.</i>
<i>Gomennasai</i>	-	<i>I'm sorry.</i>
<i>Ikura desuka.</i>	-	<i>How much is it?</i>
<i>Mou ichi-do onegai-shimasu.</i>	-	<i>Once more please</i>

## Community Board

### TOYOHASHI CATHOLIC CHURCH MASS SCHEDULE

#### *Misa sa Tagalog*

Tuwing ika-2 Linggo ng Buwan  
3:00 pm

#### *Misa sa Ingles*

Tuwing ika-4 na Linggo ng Buwan  
3:00 pm


Kung kayo ay may puna o suhestiyon, maaari nyong

i-message sa FB page (private message)  
<https://facebook.com/1484tabunka/>

Kung nais nyo din na mag-ambag ng mga artikulo o istorya, anunsiyo o pagbati, maaari nyong ipadala sa tanggapan.

Maraming salamat mga kabayan.

KABAYAN



- Kung ikaw ay may nais i-transact sa anumang opisina o departamento sa City Hall ng Toyohashi.
- At nag-aalinlangan na makipag-usap ng Nihongo o Ingles sa kanino mang staff.
- Mayroong "Staff" na maaaring tumulong sa iyo upang mas higit na maunawaan at maisaayos ang iyong nais i-transact.
- Maaari kang pumunta sa ika-11 palapag ng City Hall (East Bldg). At tumungo sa "Multicultural Society and International Affairs Division."

Maaaring tumawag sa:  
**0532-51-2023**

Like and follow us on FB:  
<https://facebook.com/1484tabunka/>

Visit City's Website:  
[www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm](http://www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm)

**Araw at Oras ng Konsultasyon**

<b>Lunes at Martes (Julie)</b> 9:00 am – 12:00 nn 1:00 pm – 2:30 pm	<b>Lunes – Biyernes (Dindo)</b> 9:00 am – 12:00 nn 1:00 pm – 4:00 pm <small>(Until November only as Trainee)</small>
---	---

